APPLICATION

- Pinawawalan mo ba ng kabuluhan ang pangalan ng Diyos? Paano ka makatutugon sa utos na ito ng Diyos? Ano ang natutunan mo sa araling ito at paano mo ito maisasapamuhay?
- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay nararapat tumanggap ng papuri, karangalan, at kaluwalhatian? Paano mo siya magagawang maparangalan sa pamamagitan ng iyong salita ngayong linggo?
- Ikaw ba ay may relasyon kay Jesu-Cristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Kung wala, gusto mo bang lumapit sa Kanya ngayon at tanggapin ang kaligtasan na nais Niyang ibigay sa iyong buhay?

PRAYER

- Ipanalangin na ang iyong mga salita ay laging magbibigay karangalan at kaluwalhatian sa Diyos. Magsisi sa mga pagkakataon na iyong pinawalang kabuluhan ang Kanyang pangalan?
- Purihin ang Diyos sa kung sino Siya at ano ang Kanyang ginawa para sa iyo. Ihayag ang kabutihan ng Diyos sa iyong buhay.
- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang handog na kaligtasan. Maglaan ng oras upang manalangin para sa kaligtasan ng iyong mga kapamilya at mahal sa buhay.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

Ang Pangalan ng Diyos

NOTES

WARM-UP

- Nahihirapan ka bang alalahanin ang mga pangalan ng tao? Ano ang maipapayo mo na makakatulong sa pag-alala sa pangalan ng iba?
- Alam mo ba ang kuwento ng pinagmulan ng iyong pangalan? Bakit at paano ka nabigyan ng ganyang pangalan?
- Balikan ang pinakanakakatawang palayaw na ibinigay sa 'yo nung ikaw ay bata pa? Ano ang kuwento sa likod ng palayaw na ito?

WORD *"Huwag ninyong gagamitin ang pangalan ko sa walang kabuluhan. Ako, ang Panginoon na inyong Diyos, ang magpaparusa sa sinumang gagamit ng pangalan ko sa walang kabuluhan."* **EXODUS 20:7**

Dahil ang Diyos ay banal, dapat natin Siyang ituring ng may respeto at karangalan. Kabilang dito ang Kanyang pangalan, at kung paano natin ito gagamitin. Ang pagpapasawalang kabuluhan ng Kanyang pangalan ay nangangahulugan ng maling paggamit dito sa ating pang-araw-araw na pananalita. Narito ang tatlong kaparaanan ng pagpapakita ng paggalang at paranganl sa pangalan ng Panginoon sa araw-araw.

1 Igalang ang Pangalan ng Diyos.

"Ama naming nasa langit, pakabanalin ang pangalan mo."
MATEO 6:9

Ang "pagsamba" sa pangalan ng Diyos ay nangangahulugan ng pagkilala sa Kanyang banal na pangalan. Nang ipakita ni Jesus sa Kanyang mga disipulo kung paano manalangin, tinuruan Niya sila na simulan ang kanilang panalangin sa pamamagitan ng pagbibigay karangalan sa pangalan ng Ama. Dapat nating maintindihan na ang ating paraan ng pakikipag-usap tungkol sa Diyos ay nagpapakita kung paano natin Siya sinasamba. Sa iyong palagay, bakit karapat-dapat parangalan at igalang ang pangalan ng Diyos? Paano mo ipinapakita ang iyong paggalang sa Kanyang pangalan?

2 Papurihan ang pangalan ng Panginoon.

Papurihan ang Panginoon ng mga papuring nararapat sa kanyang kadakilaan at kapangyarihan. **MGA SALMO 29:2**

Sa pagbibigay natin ng kaluwalhatian sa Diyos, sinasabi natin na ito ang Kanyang katangian—at ito ay nararapat lamang dahil ang Diyos ay karapat-dapat na maparangalan. Inuutusan tayo ng Diyos na sambahin at parangalan Siya, dahil sa kung sino Siya. Ginagawa natin ito gamit ang ating mga salita at ating mga buhay. Sa ating buhay, paano natin matitiyak na walang ibang hahalili sa pagtanggap ng luwalhati na nararapat lamang para sa pangalan ng Diyos?

3 Tumawag sa Pangalan ng Diyos.

Ang bawat isang tatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas
MGA TAGA-ROMA 10:13

Ang Diyos ang ating Tagapaglikha at Tagapagtubos. Mahal Niya tayo, at ibinigay Niya ang Kanyang Anak na si Jesus upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan, kapatawaran sa ating mga kasalanan, at kaligtasan. Sa tuwing tayo at tatawag sa Kanyang pangalan, makasisiguro tayo na narininig Niya ang ating mga panalangin at na Siya ang pinakamakapangyarihan na siyang magliligtas sa atin (Zefanias 3:17). Kaninong pangalan lamang tayo maaaring maligtas? (Mga Gawa 4:12)